Mga Serbisyo ng Utility ng Lungsod ng Long Beach

PAANO MAGBAYAD NG IYONG MGA BAYARIN SA UTILITY

Online

Mga pagbabayad sa pamamagitan ng Internet gamit ang Visa, MasterCard o debit card na may logo ng Visa o MasterCard. Kinakailangan ang numero ng iyong account at ang mga pinakahuling numero ng iyong Social Security Number upang makakuha ng access sa aming mga online na serbisyo. Isang bayarin sa pagpo-prosesong $3.75 ang idadagdag sa iyong kabayaran.

Koreo

Magpadala ng mga kabayaran kasama ang numero ng iyong account gamit ang tseke o money order sa:

City of Long Beach
P.O. Box 630
Long Beach, CA 90842-0001

Telepono

Tinatanggap ang mga kabayaran gamit ang Visa o MasterCard na credit/debit card sa loob ng 24 oras sa isang araw sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa (562) 570-5700. Isang bayarin sa pagpo-prosesong $3.75 ang idadagdag sa iyong kabayaran.

Pagbabangko sa Bahay

Kung nag-aalok ang iyong bangko ng online o pagbabangko sa bahay, maaari mong gamitin ang iyong kompyuter upang mabayaran ang iyong bayarin sa utility sa Lungsod ng Long Beach sa pamamagitan ng aming opsyong Electronic Funds Transfer. Pakitingnan sa iyong bangko, credit union o tagapagbigay ng serbisyo sa pagbabayad ng bill para sa higit pang impormasyon.

Level Pay Plan:

Isang programa upang makatulong sa mga residente ng Long Beach at karamihan sa mga may-ari ng negosyo sa kanilang mataas na mga bayarin sa gas sa pamamagitan ng pagkakalat ng mga bayarin sa loob ng maraming buwan. Ina-average nito ang 12 buwan ng iyong bill para ang mataas na mga bayarin ng taglamig ay maa-average na may mas mababang bayaring karaniwang binabayaran sa mga mas mainit na buwan. Tumawag sa aming opisina ng negosyo (562)570-5700 para mag-apply.

Nang Personal

Ang mga pagbabayad ay maaaring gawin nang personal sa Munisipyo ng Long Beach, sa 333 W. Ocean Blvd sa pagitan ng oras na 7:30 am hanggang 4:30 pm Lunes hanggang Biyernes sa lobby sa pamamagitan ng cash, tseke, Visa, MasterCard o debit card. Para sa iyong kaginhawaan, mayroon ding 24 oras na drop box para sa mga pagbabayad na matatagpuan sa silangang bahagi ng Munisipyo. Maaari ring bayaran ang mga bayarin sa iba't ibang lokasyon ng pagbabayad sa paligid ng Long Beach.

MAKIPAG-UGNAYAN

MGA SERBISYO NG UTILITY

333 W Ocean Blvd, Lobby Level
Hours 7:30am to 4:30pm

(562) 570-5700
GO-UtilityBilling@longbeach.gov

Higit Pang Impormasyon

LONG BEACH GAS AT LANGIS
LONG BEACH WATER
MGA SERBISYO PARA SA KALIKASAN